

Kagawaran ng Edukasyon

Araling

Panlipunan 7

**Kababaihan sa Sinaunang Kabihasnan ng
Asya**

Ikalawang Markahan –Ika-anim na Linggo



Arnel G. Gutierrez
Manunulat

Ma. Martha R. Ullero
Tagasuri

Marlyn B. Latina at Felipa R. Dawa
Katibayan ng Kalidad



Schools Division Office – Muntinlupa City

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940



INAASAHAN

1. Natataya ang mga kalagayang legal at tradisyon ng mga kababaihan sa iba't ibang uri ng pamumuhay.
2. Napaghahambing ang kalagayan ng kababaihan sa mga Relihiyon at Pilosopiya sa Asya.
3. Naibibigay ang sariling pananaw tungkol sa isyung may kinalaman sa kababaihan.

Binubuo ang modyul na ito ng aralin tungkol sa mga pangyayari na may kinalaman sa mga sinaunang kababaihan sa Asya. Basahin at unawain mabuti ang modyul. Sundin ang mga panuto sa bawat gawain. Panatilihin na nasa maayos na kondisyon ang modyul.



UNANG PAGSUBOK

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang salitang tinutukoy ng bawat aytem sa ibaba. Piliin ang wastong sagot sa loob ng kahon.

diyosa	sati	relihiyon	code	dote
--------	------	-----------	------	------

1. Ito ay ang pormal na pagpapahayag ng paniniwala tungkol sa mga diyos at diyosa.
2. Ano ang tawag sa katipunan ng mga tuntunin o batas?
3. Ito ay ang kaugalian ng pagpapahayag ng biyudang babae sa India na masunog kasama ng namatay na asawa.
4. Ito ay nagmula sa India, na kung saan ang tawag sa pera o pag-aaring ipinagkakaloob sa mapapangasawa.
5. Ano ang tawag sa babaing dinidiyos na may superior na kagalingan at kabighani.

Panuto : Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Ilagay ang **TAMA** sa patlang kung ang sinasaad ay tama at isulatang **MALI** kung ang isinasaad ay mali.

- _____ 1. Naniniwala ang ating mga ninunong Asyano sa papel ng kababaihan bilang mga diyosa.
- _____ 2. Nagmula kay Tiamat ang iba pang pangunahing diyos ng mga taga Babylonia.
- _____ 3. Si Amaterasu O-mi-kami ay ang diyosa ng araw ng mga Hapones.
- _____ 4. Ang grupong Dravidian sa Timog Asya ay naniwala sa mga diyosa at isa rito ay ang diyosa ng buwan.
- _____ 5. Sinasalamang ilang probisyon ng Batas ni Hammurabi ang

- mataas na pagturing sa kababaihan.
- _____ 6. Ayun sa batas ni Hammurabi, ang babaing hindi tapat sa kanyang asawa ay parurusahan ng kamatayan.
- _____ 7. Pinapayagan ng batas ni Hammurabi ang paglahok ng babae sa kalakalan.
- _____ 8. Ang kababaihan ng Kanlurang Asya ay walang karapatan batay sa batas ni Hammurabi.
- _____ 9. Sinasabi sa batas ni Hammurabi na lahat ng mga ritwal na walang paggalang sa babae ay walang saysay.
- _____ 10. Ang Code of Manu ay tutol sa kalakaran ng pagbibigay ng dote.



BALIK-TANAW

Panuto: Magbigay ng isang (1) konsepto o impormasyong inyong natutunan tungkol sa paksa na nasa gawing kaliwa. Isulat ang inyong sagot sa mga kahon.

Ilang Pilosopiya at Relihiyon sa Silangang Asya at Timog Silangang Asya	Panahon ng Pag-usbong	Nagtatag	Dambana o Lugar na Sagrado	Mga Doktrina o mga Pangunahing Turo
1. Confucianism				
2. Taoism				
3. Shinto				
4. Buddhism				
5. Islam				
6. Kristiyanismo				



PAGPAPAKILALA NG ARALIN

ARALIN 6 – Kababaihan sa Asya Mula sa Sinaunang Kabihasan

May kasabihan ang mga Tsino na ang kababaihan ay kumakatawan sa kalahati ng langit. May katotohanan kaya ang deklarasyong ito ukol sa tradisyonal

na Asya? Mahirap ngunit isang malaking hamon ang palitawin ang kababaihan sa kasaysayan ng sangkatauhan.

Sinasalamin ng relihiyon ang kalgayan ng kababaihan. May mga diyosa na sinasamba ng ating mga ninunong Asyano.

MGA DIYOSA SA ASYA

Naniniwala ang ating mga ninunong Asyano sa papel ng kababaihan bilang mga diyosa. Para sa mga Babylonian ng Kanlurang Asya, ang lahat ay nagsimula sa pamamagitan ng isang diyosa na nagngangalang *Tiamat*. Nagmula kay *Tiamat* ang iba pang mga diyos tulad ni *Marduk*, and pangunahing diyos ng mga taga Babylonia. Noong ibig patayin ni Tiamat ang nilikha niyang mga diyos, pinatay siya ni Marduk at ang kanyang mga tinapon na labia ng siyang naging lupa at langit.

Liban kay Tiamat, isa pang pinaniniwalaan ng mga taga Mesopotamia ay si *Nammu*, and diyosa ng pag-ibig at digmaan. May mabait na ugali si Inanna at may malupit din na katangian. Marami siyang naging anyo ngunit ang pinakamahalaga ay bilang diyosa ng lupa (mother earth). Bilang diyosa ng lupa, sa kanya nagmula ang lahat. Sa ha nay ng mga Semitic, si Inanna ay binansagan na Ishtar.



**Paglalarawan ng mga
Diyosa ng Asya: (mula
kaliwa) Indra at Tiamat**

Pinagkunan: Tiamat

<http://www.omsakthi.org/goddess/indirani.html>

Indra

<https://vignette.wikia.nocookie.net/mythology/images/9/9a/Tiamat.png/revision/latest?cb=20120720144449>

Ang grupong Dravidian sa Timog Asya ay naniniwala sa mga diyosa at isa rito ay ang diyosa ng buwan. Ngunit noong dumating ang mga Indo-Aryan, naging lalaki lamang ang kanilang mga diyos. Pangunahing diyos ay si *Indra*, ang diyos ng panahon.

Si *Amaterasu O-mi-kami* ay ang diyosa ng araw ng mga Hapones. Sa kanya nagmula ang mga emperador ng Japan. Pinahahalagahan siya ng mga Hapones. Makikita ito sa bandila ng Japan kung saan prominente ang sagisag ng araw.

Mahalaga ang papel ng kababaihan bilang mga diyosa. Ang kahalagahan kayang ito ay mababanaag din sa sinaunang lipunang Asyano?

Ano ang mapapansin ninyo sa mga diyosa ng Asya?

Ang Kababaihan sa Batas n Hammurabi at Code of Manu

Noong panahon ng mga Babylonian sa Kanlurang Asya, isinabatas ni Haring Hammurabi ang maraming kaugalian na umiiral sa lugar. Ang naging resulta ay ang Batas ni Hammurabi.



Sinasalamin ng ilang probisyon ng Batas ni Hammurabi ang mababang pagturing sa kababaihan. Halimbawa, ang babae ay itinuturing na bagay na maaaring ikalakal. Kaya ang pag-aasawa ay maituturing na isang transaksiyong pananalapi. Ang ama ng babae at ama ng lalaki ang papasok sa isang kontrata. Magbibigay ng regalo, na karaniwan ay pera, ang ama ng lalaki sa ama ng babae. Kung sasang-ayon ang ama ng babae sa regalo, bibigyan niya ang kanyang anak na babae ng dote na mananatili sa kamay ng babe sa oras na ikasal siya. Ang doteng ito ay nagsisilbing proteksiyon sa babae.

Madalas na sa pagkabata pa lamang ay inaayos na ang pagkasundong magpakasal ang isang babae at lalaki. Sa oras na may sapat na gulang na ang babae, sila ng lalaki ay maaari nang magbuklod. Samantala, ang babae ay nananatiling nakatira sa sariling bahay.

Ayon sa Batas ni Hammurabi, ang babaing hindi tapat sa kanyang asawa ay parurusahan ng kamatayan. Sa oras na mahuli ang babaing nakikipagtalik sa ibang lalaki, pareho silang itatali at ihahagis sa malalim na bahagi ng ilog o dagat.

May lubos na kapangyarihan ang asawang lalaki sa kanyang pamilya at maaari niyang ipagbili ang kanyang asawa at mga anak.

Ipinagbabawal ng Batas ni Hammurabi ang paglahok ng babae sa kalakalan. Ngunit may mga katibayan na nagpapakita na malayang nangangalakal ang mga babae. May kababaihan na may sariling negosyo at nagpapatakbo ng kanilang mga lupain.

Kung ibabatay lamang sa Batas ni Hammurabi, ang kababaihan ng Kanlurang Asya ay walang karapatan. Ngunit batay sa ibang mga dokumento, ang kababaihan sa Mesopotamia ay may mga karapatan at kalayaan.

Ang isang katibayan ng mataas na tingin sa babae sa kanlurang Asya ay ang malaking papel ng reyna sa mga Hittite, isang grupong Indo-European na tumigil sa Anatolia. Ang reyna ng mga Hittite ay may mahalagang papel sa buhay panrelihiyon ng mga Hittite. Sinasabing nakipagsulatan sila sa mga reyna ng iba pang lugar.

Kung may Batas ni Hammurabi ang Kanlurang Asya, ang Timog Asya ay may katumbas ding kodigo ng mga batas. Ito ang Code of Manu na sinasabing nabuo noong huling bahag ng unang siglo B.C.E.

Hindi malinaw ang posisyon ng Code of Manu sa pagturing sa babae. Sinasabi ng Kodigong ito na sa oras na ang isang Brahmin o pari sa Hinduismo ay makipagtalik sa isang mababang uri ng babae, tiyak na siya ay pupunta sa impiyerno. Ngunit sinasabi rin ng Code of Manu na lahat ng mga ritwal na walng paggalang sa babae ay walang saysay.

Tutol din ang Kodigo sa kalakaran ng pagbibigay ng dote. Ang dote ay pera o pag-aari na ipinagkakaloob sa pamilya ng mapapangasawa. Ayon sa Kodigo, ang ama ng isang babae na tumatanggap ng dote ay maihahalintulad sa isang tao na nag-aalok ng babae sa isang lalaki.

Sinasabi rin ng Kodigo na ang huwaring agwat ng edad ng mag-aasawa ay tatlong beses ang tanda ng lalaki sa kanyang asawang babae. Ayon pa rin sa Kodigo, ang amang ayaw pang ikasal ang kanyang anak na nagdalaga na ay nakagawa ng isang paglabag sa batas na kasingsama ng pagpapalaglag ng bata. Ito ay sa dahilan na dapat na nagluluwal na ng sanggol ang anak na babae.

1. *Ano ang sinabi ng Batas ni Hammurabi at Code of Manu hinggil sa babae?*
2. *Ano ang mahalagang papel ng reyna ng mga Hittie kaugnay sa kanilang relihiyon?*



GAWAIN

Panuto: Batay sa iyong nabasa at pang-unawa sa lathalain, ano pagkakaiba at pagkakatulad ng sitwasyon ng kababaihan sa Kodigo ni Hammurabi at ni Manu?

	Kodigo ni Hammurabi	Kodigo ni Manu
Pagkakaiba		
Pagkakatulad		



TANDAAN

- Sumasamba sa mga diyos ang mga Asyano
- Nabanggit ang papel ng kababaihan sa lipunan sa Batas ni Hammurabi at Code of Manu.
- Pinairal ng relihiyon at pilosopiya ng Asya ang mababang tingin sa kababaihan.
- Maraming kaugalian sa tradisyonal na Asya ang sumalamin sa mababang antas ng kababaihan sa lipunan.
- Mahalaga ang papel ng ginagampanan ng mga sinaunang kababaihan sa Asya bilang mga diyosa.
- Ang tradisyonal na tungkulin ng babae sa Asya ay ang pagiging mabuting asawa at ina.
- May bahaging ginagampanan ang kababaihan sa pagtataguyod at pagpapanatili ng mga pagpapahalagang Asyano.



PAG-ALAM SA NATUTUHAN

Sa mga larawan na nasa ibaba. Sumulat ng maikling pangungusap tungkol sa tinatamang karapatan ng mga kababaihan sa aspetong pag-aasawa at pulitikal.

Pagkakaiba sa Aspektong



Karapatan sa pag-aasawa



Karapatan sa politika

1. Ano ang kalagayan ng kababaihan sa sinaunang lipunan?
2. Ano ang bahaging ginagampanan ng kababaihan sa sinaunang lipunan?
3. Bakit limitado ang karapatan ng kababaihan sa lipunan? Hanggang ngayon ay nangyayari pa ito sa mga bansang Asyano?

4. Sa kabila ng mababang pagtingin ng lipunan paano sila naging makabuluhang bahagi sa pagbuo at pagpapayaman ng sibilisasyong Asyano?



**PANG-WAKAS NA
PAGSUSULIT**

PANUTO: Basahin at unawain ang mga bilang na sagutan. Isiping mabuti ang tamang sagot. Isulat ang mga sagot sa inyong sagutang papel.

1. Ang diyosa ng tubig sa Mesopotamia na naging mahalaga sa paglikha ng tao.
a. Inanna b. Marduk c. Nammu d. Tiamat
2. Noong panahon ng mga Babylonia sa kanlurang Asya, isinabatas ni Haring Hammurabi ang maraming kaugalian na umiiral sa lugar. Ano ang resulta ng batas na ito sa mga kababaihan?
a. Sinalamin ng ilang probisyon ng Batas ni Hammurabi ang mababang pagturing sa kababaihan.
b. Itinakda ang mataas na pagkilala sa karapatan ng mga kababaihan sa Babylonia.
c. Binigyan ng mahalagang papel ng kababaihan bilang mga diyosa.
d. Lahat ng nabanggit.
3. Sino ang pangunahing diyos ng mga Indo-Aryan na tinawag nilang diyos ng panahon?
A. Ishtar B. Indra C. Inanna D. Nammu
4. Sa kanya nagmula ang mga emperador ng Japan, tinagurian din syang diyosa ng araw ng mga Hapones.
a. Lipo b. Izanagi c. Amaterasu d. Tu-Fu
5. Isang kaugalian sa China na nagpababa sa antas ng kababaihan.
a. Concubinage b. Dote c. Footbinding d. Purdah
6. Ang elemento ng *yin* ay sinasagisag ng babae at *yang* ay sinasagisag ng lalaki na kung saan hangad ang balanseng sitwasyon. Saang relihiyon ito kabilang?
a. Confucianismo b. Hinduismo c. Shintoismo d. Taoism
7. Sinasabing isa itong pamantayan ng kagandahan para sa mga sinaunang Tsino, isang pananaw na sinimulan ng Dinastiyang Sung.
a. Concubine b. Lotus feet c. Nirvana d. Tiamat
8. Sa Mesopotamia siya ang diyosa ng pag-ibig at digmaan, may mabait na ugali at may malupit na katangian.
a. Inanna b. Marduk c. Nammu d. Tiamat
9. Sinasabi sa batas na ito na lahat ng ritwal na walang paggalang sa babae ay walang saysay.
a. Batas ni Hammurabi c. Code of Ethics
b. Kodigo ni Hammurabi d. Code of Manu

10. Sa China, ang footbinding ay ginagawa sa mga batang babae. Tinatangalan sila ng kuko, binabalian ng buto sa daliri, at binabalutan ng bondage at metal ang mga paa. Ano ang implikasyon nito sa kanilang kultura?
- Naging pamantayan ng kagandahan sa lipunan ang ganitong kultura
 - Naging batas na ng lipunan ang ganitong gawain.
 - Nakabubuti sa tingin ng kalalakihanang ganitong tradisyon.
 - Tataas ang kalidad ng pamumuhay kung gagawin ito.
11. Ano ang bahaging ginagampanan ng mga pinunong kababaihan sa Asya?
- Tinataguyod at pinanatili nila ang Asyanong pagpapahalaga sa kanilang pamumuno sa iba't ibang pamamaraan.
 - Pialawak nila ang mga kapangyarihan ng mga kababaihang pinuno sa kanilang panunungkulan.
 - Pinataas nila ang kita ng bansa sa kanilang pamumuno.
 - Binigyan nila ng mataas na kapangyarian ang mga kababaihan sa kanilang kasama sa partido.
12. Hindi naging malawak ang mga karapatan at kapangyarihan ng mga sinaunang kababaihan sa Asya. Ito ay batay sa kasaysayan na naitala sa mga bansang Asyano, katulad halimbawa sa India, bahagi ng paniniwala nila ang suttee o sati, ito ay pagtalon ng asawang babae sa apoy nang sinusunog na asawang lalaki. Bahagi rin ng kulturang India na, maaari lamang kumain ang babaeng asawa kung tapos na kumain ang kaniyang asawa. Ano ang ugat ng mababang pagtinging ito sa mga kababaihang Asyano?
- Itinuturing na mababang miyembro ng lipunan ang kababaihan at limitado ang kanilang mga karapatan sa lipunan.
 - Hindi pinagkalooban ng langit ang mga kababaihan na mamuno sa lipunan.
 - Mahihina ang loob at walang kakayahang mamuno ang mga babae sa imperyo.
 - Hindi pinagkalooban ang kababaihan ng mataas na edukasyon at kasanayan sa buhay.
13. Sinasabing matindi ang naging impluwensya ng mga Tsino sa halos kabuuang Silangan at Timog-Silangang Asya. Ito ay dahil sa...
- Karamihan ng tao ay may mga pisikal na pagkakahawig.
 - Karaniwan na sa mga Asyano sa rehiyon ang may asal at gawing nakaayon sa mga aral ni Confucius.
 - Karaniwan na ang pagkaing katulad ng sa mga Tsino sa mga rehiyong ito.
 - Karamihan ng mga tao dito ay umaayon sa mga aral at pangaral ng Buddhism.
14. Ito ay pera o pag-aari na ipinagkakaloob sa pamilya ng mapapangasawa.
- Dote
 - Mana
 - Limos
 - Nirvana
15. Ano ang mahalagang papel ng reyna ng mga Hittite kaugnay sa kanilang relihiyon?
- pakikipagsulatan
 - Pakikidigma
 - pakikipagkalakalan
 - pakikipagtalastasan

Sanggunian

ASYA: Pagkakaiba sa Gitna ng Pagkakaiba (Araling Panlipunan Modyul para sa Mag-aaral)

Mateo, Camagay, Jose, Miranda, and Boncan – ASYA PAG-USBONG NG KABIHASNAN Batayang Aklat

<https://vignette.wikia.nocookie.net/mythology/images/9/9a/Tiamat.png/revision/latest?cb=20120720144449>

<http://www.omsakthi.org/goddess/indirani.html>

[http://1.bp.blogspot.com/-GAV5ObbfhVA/Uk7iLtFVZGI/AAAAAAAAAN4/nNx_8mR8JWw/s1600/download+\(1\).jpg](http://1.bp.blogspot.com/-GAV5ObbfhVA/Uk7iLtFVZGI/AAAAAAAAAN4/nNx_8mR8JWw/s1600/download+(1).jpg)

https://societyofhonor.files.wordpress.com/2017/05/img_0854-e1496012318905.jpg?w=360&h=219

Key to Correction Pangw akas na Pagsubok
1. C
2. A
3. B
4. C
5. C
6. C
7. B
8. A
9. A
10. A
11. A
12. A
13. B
14. A
15. A

Key to Correction Unang Pagsubok
1. Rehiyon
2. Code
3. Sali
4. Dote
5. Diyosa
1. TAMA
2. TAMA
3. TAMA
4. TAMA
5. MALI
6. TAMA
7. MALI
8. TAMA
9. MALI
10. TAMA